



**MGA GRANT SA MALILIIT NA NEGOSYO NG PAGKAIN
NG SAN MATEO COUNTY STRONG FUND
MGA MADALAS ITANONG**

MGA TANONG SA PANGKALAHATANG-IDEYA NG PROGRAMA

Ano ang Programa para sa Grant sa Maliliit na Negosyo ng Pagkain ng San Mateo County Strong Fund?

Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo ay nag-apruba kamakailan ng bagong round ng mga grant para matulungan ang maliliit na negosyo ng pagkain na hindi nakatanggap ng tulong mula sa mga programa ng tulong sa COVID-19 ng County sa nakalipas na 12 buwan. Ang Programa para sa Grant sa Maliliit na Negosyo ng Pagkain ay magbibigay ng mga grant na nagkakahalaga ng \$2,500, \$5,000 o \$10,000 sa bawat napiling negosyo, depende sa uri ng negosyo. Magagamit ng mga kwalipikadong establisyemento ang pondo para mabawi ang mga kawalan ng kita at nakaraang utang dahil sa mga kautusan ng estado na magsara dulot ng pandemya ng COVID-19 simula noong Marso 2020, matiyak ang patuloy na pagpapatakbo, at makatulong sa pagsaklaw ng mga kasalukuyang gastusin sa pagpapatakbo ng negosyo.

Saan puwedeng gamitin ng mga may-ari ng maliliit na negosyo ng pagkain ang pondo para sa grant?

Dapat gamitin ang pagpopondo para matiyak ang patuloy na pagpapatakbo o makatulong sa pagsaklaw ng mga kasalukuyang gastusin sa pagpapatakbo ng negosyo, kasama ang, bilang halimbawa: kasalukuyan o nakaraang upa, pagpapasuweldo, mga supply at iba pang kasalukuyang obligasyon.

Magkano ang pondo para sa grant na ibibigay sa mga kwalipikadong aplikante?

\$2,500, \$5,000 o \$10,000 sa bawat kwalipikado at pipiliing maliit na negosyo ng pagkain:

\$2,500 – mga cottage food operator

\$5,000 – mga caterer, food truck at food cart

\$10,000 – mga komisaryo o incubator kitchen

Mayroon bang anumang rekisito sa kita?

Wala, gayunpaman ay gagawing priyoridad ang mga aplikanteng kabilang sa sambahayang may kabuuang kita noong 2020 na nasa 100% ng o mas mababa sa Area Median Income ("AMI") (hindi kabilang ang mga aplikanteng nag-a-apply bilang mga komisaryo at incubator kitchen), ayon sa makikita sa tax returns, nang mayroon ng sumusunod na data ng AMI na sambahayan:

- Sambahayang binubuo ng 1: \$121,800
- Sambahayang binubuo ng 2: \$139,200
- Sambahayang binubuo ng 3: \$156,600
- Sambahayang binubuo ng 4: \$174,000
- Sambahayang binubuo ng 5: \$188,000
- Sambahayang binubuo ng 6: \$201,900
- Sambahayang binubuo ng 7: \$215,800
- Sambahayang binubuo ng 8: \$229,700

Kakailanganin ko bang ibalik ang pera?

Hindi, ang mga emerhensyang grant na ito ay hindi kailangang bayaran. Gayunpaman, makakatanggap ka ng 1099 para sa pag-uulat ng pederal na buwis at ang panloloko ay maaaring magresulta sa pag-uusig.

Kailan magbubukas at magsasara ang panahon ng aplikasyon?

Ang application portal ay nakaiskedyul na magbukas sa Lunes, Nobyembre 29, 2021, nang 8:00 a.m. at mananatiling bukas hanggang Biyernes, Disyembre 17, 2021, nang 5:00 p.m. Ang application portal ay nasa www.smcstrong.org.

Paano ako makakapag-apply?

Tatanggap ang County ng San Mateo ng mga aplikasyon para sa Grant sa Maliliit na Negosyo ng Pagkain ng San Mateo County Strong Fund sa website nito sa www.smcstrong.org. Ang application portal ay nakaiskedyul na magbukas sa Lunes, Nobyembre 29, 2021, nang 8:00 a.m. at mananatiling bukas hanggang Biyernes, Disyembre 17, 2021, nang 5:00 p.m

Sino ang puwede kong kontakin kung may mga tanong ako?

Paki-email ang mga kawani ng County ng San Mateo para sa higit na impormasyon sa sbgrant@smcgov.org o tawagan ang mga sumusunod na numero sa pagitan ng alas-9 ng umaga at alas-4 ng hapon sa weekday:
English: 650-413-5600
Espanyol: 855-221-1777
Chinese: 888-262-7552
Tagalog: 855-257-7474

Puwede ba akong mag-apply nang personal?

Hindi. Tatanggapin lang ang mga aplikasyon online sa www.smcstrong.org.

MGA TANONG SA PROSESO NG APLIKASYON

Puwede ba akong mag-apply nang personal?

Hindi. Tatanggapin lang ang mga aplikasyon online sa www.smcstrong.org.

Kakailanganin ko bang magbayad ng bayarin sa aplikasyon?

Hindi. Walang bayad sa pag-apply. Walang bayarin sa pagpoproseso kung makakatanggap ka ng grant.

Magiging available ba ang aplikasyon sa mga wika bukod pa sa English?

Oo, magiging available ang aplikasyon sa English, Espanyol, Chinese, at Tagalog.

Kailangan bang mamamayan o legal na residente ako ng US para makapag-apply?

Hindi. Puwedeng mag-apply ang mga walang dokumentasyong may-ari ng negosyo na makakapagbigay ng kinakailangang katibayan ng pagiging kwalipikado at kinakailangang dokumentasyon.

Ilan ang maaaprubahang grant sa unang round ng mga aplikasyon?

Lahat ng makakayanan. \$500,000 ang available na pondo para sa programang ito.

Makukuha ko ba ang buong halaga ng grant?

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga aplikanteng nakakatugon sa lahat ng rekisito para sa pagiging kwalipikado, napili sa loterya, at nagsumite ng lahat ng pinal na dokumentasyon ay makakatanggap ng buong halagang nauugnay sa uri ng maliit na negosyo ng pagkaing pinatatakbo nila:

\$2,500 – mga cottage food operator

\$5,000 – mga caterer, food truck at food cart

\$10,000 – mga komisaryo o incubator kitchen

Puwede bang dalawang beses akong mag-apply para sa iisang negosyo?

Hindi, isa lang na aplikasyon para sa bawat lokasyon. Matindi ang inaasahang pangangailangan sa lahat ng 21 lungsod, bayan, at hindi pinagsamang County ng San Mateo. Dapat gamitin ang pondo para masuportahan ang lahat ng makakayanang magkakaibang aplikante.

Paano pagpapasyahan kung aling negosyo ang makakatanggap ng mga grant?

Ang mga ganap nang natapos na pre-application na isinumite sa panahon ng aplikasyon ay susuriin para makumpirma ang pagiging kwalipikado nito, at ang bawat establisyemento ay ilalagay sa isang grupo ng iba pang maliit na negosyo ng pagkain ayon sa uri na matatagpuan sa parehong lungsod, bayan, o hindi pinagsamang lugar. Ang mga kwalipikadong establisyemento sa bawat grupo ng lokalidad at uri ng maliit na negosyo ng pagkain ay mapipili nang sapalaran para

magawaran ng grant hanggang sa maubos ang lahat ng grant na inilaan para sa lugar na iyon. Ang mga aplikanteng nakakatugon sa AMI ng County ng San Mateo ay gagawing prioridad sa proseso ng pagpili.

Puwede ko bang iapela ang pasya kung mapagpapasyahang hindi ako kwalipikado?

Hindi.

Puwede ko bang tapusin ang isang hindi kumpletong aplikasyon pagkalipas ng deadline?

Hindi.

MGA TANONG SA PAGIGING KWALIPIKADO NG APLIKASYON

Ano ang mga batayan para sa pag-apruba?

Para maging kwalipikado sa ilalim ng programa para sa grant ng County sa maliliit na negosyo ng pagkain, dapat matugunan ng isang negosyo ang lahat ng sumusunod na batayan:

MGA TANONG SA PAGIGING KWALIPIKADO NG APLIKASYON

Ano ang mga batayan para sa pag-apruba?

Para maging kwalipikado sa ilalim ng programa ng tulong ng County sa maliliit na negosyo, dapat matugunan ng isang negosyo ang lahat ng sumusunod na batayan:

- Kasalukuyang nagpapatakbo ng maliit na negosyo ng serbisyo ng pagkain at nakapagpatakbo nang naaayon sa batas magmula pa noong bago ang Enero 1, 2021;
- Nagbibigay ng serbisyo ng pagkain o nagbebenta ng pagkain o mga produktong nauugnay sa inumin noong panahong nag-apply para sa grant.
- Noong panahon ng pag-apply para sa grant ay may aktibong permit mula sa County Environmental Health Services (EHS) sa alinman sa mga sumusunod na Kategoriya ng Fee (PE): mga cottage food operator: PE 1590 at 1591; mga caterer: PE 1551, mga food truck: PE 1542 at 1543; mga food cart: PE 1540 at 1541, o mga komisaryo at incubator kitchen: PE 1550.
- Ang may-ari ng negosyo ay nakatira dapat sa County ng San Mateo o pangunahing nagpapatakbo ng kanyang negosyo sa County ng San Mateo. Sa mga kasong hindi nag-iisa ang may-ari ng mga negosyong hindi pinatatakbo sa County ng San Mateo, dapat ay mga residente ng County ng San Mateo ang 50% o higit pa ng mga may-ari ng negosyo;
- Naipakita ng may-ari ng negosyo na ang negosyo ay negatibong naapektuhan sa ekonomikong paraan ng emerhensya sa pampublikong kalusugan kaugnay ng COVID-19 (kabilang ang dahil sa mga pagbagsak ng kita, o mga epekto ng mga panahon ng pagsasara ng negosyo o nabawasang kapasidad sa pagpapatakbo);
- Nagmamay-ari ng hindi hihigit sa limang kwalipikadong negosyo sa loob ng mga hangganan ng hurisdiksyon ng County ng San Mateo, (Ang mga aplikanteng marami ang negosyo at/o permit ay maaaring magsumite ng aplikasyon para sa bawat isang kwalipikadong negosyo, gayunpaman ang mga aplikante ay magiging kwalipikado lang para sa isang grant mula sa programang ito.)
- Dapat sumusunod sa lahat ng naaangkop na regulasyon para sa negosyo, kasama rito ang ngunit hindi ito limitado sa mga sumusunod: Mga rekisito ng EHS ng County, kabilang ang rating na "PASS" sa Food Placarding System kung naaangkop, mga rekisito ng County/Lungsod sa pagpapalano at pagpapatayo ng gusali;
 - Mga lisensya sa negosyo sa Estado/County/Lungsod at iba pang lisensyang ipinag-aatas ng batas;
 - Mga pang-estado at lokal na rekisito sa pinakamababang sahod; at
- Ang may-ari ng negosyo ay dapat mayroon at magpakita ng kopya ng ID na may larawan na inisyu ng pamahalaan.

Kwalipikado ang mga negosyong nagpalit ng may-ari mula Enero 1, 2021, at nakakatugon sa mga batayang isinaad.

Gagawing prioridad ang mga aplikanteng kabilang sa sambahayang may kabuuang kita noong 2020 na nasa 100% ng o mas mababa sa Area Median Income ("AMI") (hindi kabilang ang mga aplikanteng nag-a-apply bilang mga komisaryo at incubator kitchen), ayon sa makikita sa tax returns, nang mayroon ng sumusunod na data ng AMI na sambahayan:

- Sambahayang binubuo ng 1: \$121,800
- Sambahayang binubuo ng 2: \$139,200
- Sambahayang binubuo ng 3: \$156,600
- Sambahayang binubuo ng 4: \$174,000

- Sambahayang binubuo ng 5: \$188,000
- Sambahayang binubuo ng 6: \$201,900
- Sambahayang binubuo ng 7: \$215,800
- Sambahayang binubuo ng 8: \$229,700

Anong mga uri ng negosyo ang hindi kwalipikado para sa grant?

Hindi kwalipikado ang mga aplikante para sa grant mula sa Programa sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon:

- Mga hindi kumpletong aplikasyon.
- Pagkabigong matugunan ang mga batayan sa pagiging kwalipikado na nakabalangkas sa itaas.
- Ang mga ito ay non-profit na entity
- Ang establisyemento ng aplikante ay nakatanggap o naaprubahan para sa isang grant mula sa alinman sa mga sumusunod na programa:
 - Programa ng grant na tulong sa maliliit sa negosyo na pinamamahalaan ng Renaissance Entrepreneursurship Center, na inaprubahan ng Lupon ng mga Tagapangasiwa noong Oktubre 20, 2020 (Resolusyon 077791)
 - Grant sa Maliliit na Negosyo ng San Mateo County Strong Fund na pinamamahalaan ng Community Fund, na inaprubahan ng Lupon ng mga Tagapangasiwa noong Nobyembre 10, 2020 (Resolusyon 077828) (ang mga benepisyaryo ng mga grant mula sa mga naunang programa ng grant ng San Mateo County Strong ay kwalipikado para sa Programa)
 - Programa ng Grant sa mga Restawran, Serbeserya, at Gawaan ng Alak ng County ng San Mateo (Resolusyon Blg. 077963)
- Ang negosyo ng aplikante ay nakatanggap ng higit sa \$200,000 na kabuuang kita mula sa pakikilahok sa programang “Great Plates”.
- Ang aplikante ay prangkisa ng chain na pag-aari ng isang korporasyon. Para sa programang ito, ang “chain” ay tumutukoy sa negosyong may anim o higit pang lokasyong pinatatakbo o nagsasagawa ng negosyo sa ilalim ng iisang brand name, sinuman ang may-ari

Anong uri ng dokumentasyon ang kakailanganing isumite ng mga aplikante bilang bahagi ng proseso ng online na aplikasyon?

Hindi kakailanganin ng mga aplikante na magsumite ng dokumentasyon sa paunang proseso ng aplikasyon. Kapag ang isang aplikasyon ay natukoy na kwalipikado at napili para sa pagpopondo, ang aplikante ay aabisuhan ng County ng San Mateo at hihilinging magbigay ng sumusunod na dokumentasyon:

- Kopya ng balidong Lisensya ng Negosyo mula sa Lungsod (kung may lisensyang ibinigay)
- Kopya ng nilagdaang W-9
- Mga Tax Return ng 2019 at 2020 para sa negosyo
- (Mga) ID na may larawan para sa hindi bababa sa 51% ng may-ari/mga kasosyo/mga namamahalang panig
- Kopya ng kasalukuyang Permit sa Pangkapaligirang Kalusugan
- Pahayag tungkol sa kung paano negatibong naapektuhan ng pandemya ng COVID-19 sa ekonomikong paraan ang inyong negosyo
- **Ang legal na paninirahan ay hindi isang kondisyon ng pag-apruba, at walang impormasyon na ibabahagi sa iba pang ahensya ng pamahalaan.**

Kailangan bang residente ng County ng San Mateo ang may-ari ng negosyo?

Hindi. Kung nasa County ng San Mateo ang negosyo alinsunod sa mga batayan sa pagiging kwalipikado, hindi mahalaga kung saan nakatira ang may-ari ng negosyo maliban kung isa itong prangkisa. Kung prangkisa ang negosyo, pagmamay-ari at pinatatakbo dapat ito ng residente ng county o ang 50% o higit pa sa mga may-ari ng prangkisa ay dapat mga residente ng county.

PROSESO NG PAGESUSURI NG APLIKASYON

- Hindi ipoproseso ang mga hindi kumpletong aplikasyon, at hindi isasaalang-alang ang mga hindi kwalipikadong aplikasyon
- Ang mga kumpletong pre-application ay susuriin at aalamin kung kwalipikado ayon sa heograpikong rehiyon

- Ang mga kwalipikadong pre-application ay ilalagay sa isang grupo na pagpipilian sa pamamagitan ng loterya
- Makikipag-ugnay ang mga kawani ng County sa mga napiling negosyo para magbigay ng dokumentasyon at para sa panghuling pagtukoy ng pagiging kwalipikado at sertipikasyon ng komite para sa pagsusuri
- Isang listahan ng mga ganap na aprubadong negosyo ang ibibigay sa Community Fund ng San Mateo Credit Union para sa pagbibigay ng mga pondo

Paano kung matutugunan ko ang lahat ng rekisito sa mga batayan sa pagiging kwalipikado maliban sa isa?

Sa kasamaang-palad, hindi ka magiging kwalipikado. Aabisuhan ka, sa pamamagitan ng email, na hindi naaprubahan ang iyong aplikasyon.

Paano kung hindi ko maibibigay ang lahat ng dokumentasyong kinakailangan para sa isang kumpletong aplikasyon?

Sa kasamaang-palad, hindi ka magiging kwalipikado. Aabisuhan ka, sa pamamagitan ng email, na hindi kumpleto ang iyong aplikasyon at hihilingin sa iyong mag-apply ulit nang may kumpletong dokumentasyon.

MGA TANONG SA APPLICATION PORTAL

Puwede ko bang i-download ang aplikasyon at ipadala ito sa isang lugar sa pamamagitan ng koreo o idaan ito?

Hindi. Kung kailangan mo ng tulong o nahihirapan kang kumpletuhin ang iyong aplikasyon, paki-email ang:

sbgrant@smcgov.org

Papayagan ba ako ng application portal na mag-apply mula sa isang smartphone?

Oo.

Paano kung nakumpleto at naisumite ko na ang aking aplikasyon, pero hindi ako napili para sa pagpopondo?

Ang mga aplikasyong natanggap sa panahong inilaan para sa aplikasyon pero hindi napili para sa pagpopondo ay ilalagay sa isang waiting list. Kung magkakaroon ng karagdagang pondo, pipiliin ang mga aplikasyon sa panahong iyon, hanggang sa maubos ang mga karagdagang pondo.

Papanatilihin bang kumpidensyal ang aking aplikasyon at sumusuportang dokumentasyon?

Papanatilihin kumpidensyal ang aplikasyon at sumusuportang dokumentasyon, pero ang pagtanggap mo ng grant ay isasapublikong impormasyon.

ANO PANG MGA PROGRAMA ANG NAG-AALOK NG MGA GRANT, LOAN, AT SUPORTA PARA SA MALILIIT NA NEGOSYO?

- Website ng **Mga Negosyo at Employer sa Estado ng California sa Panahon ng COVID-19** sa: <https://covid19.ca.gov/business-and-employers/>
- Website ng **SAMCEDA** para sa impormasyon tungkol sa iba pang lokal na programa ng grant sa maliliit na negosyo: www.SAMCEDA.org